

Balitang
Pinoy**KAPIT-BISIG**

No.5

Aug.15, 2015

Paghahatid ng mga **IMPORMASYON** para sa kaganapan ng pakikibahagi ng bawat isa bilang mamamayan sa lipunan ng bansang **JAPAN**

**WORKMATE** ワークメイト

【OFFICE】2-15-13 Sunshine Yamate 401,
Nakayamatedori Chuo-ku, Kobe-shi Hyogo-ken

【TEL/FAX】078-779-1572

【E-mail】workmate.office@gmail.com

【HP】http://www.workmate.jimdo.com

NEWS TOPICS 最近のニュース

Mayo 27, 2015 Kobe Shinbun Pinag-iisipan ang Paglaan ng mga Slots para Lamang sa mga Dayuhan Pagsusulit para sa Pagpasok sa Pamublikong Senior High School sa Susunod na Taon Prepektura ng Hyogo

Pinag-iisipan ng Board of Education ng Prepektura ng Hyogo ang paglaan ng [lespesyal na mga slots sa pagpasok] para lamang sa mga dayuhang mag-aaral na hindi pa sapat ang kakayahan sa wikang Hapon, mula sa pagsusulit para makapasok sa pamublikong senior high school sa susunod na taon. Maghahanda ng pagsusulit na naiiba sa karaniwang binibigay na pagsusulit. Pagkatapos makapasok sa paaralan, ang pagtuturo ay gagawing maunawain, pinag-iisipan din ang mga bagong paraan upang makapagpatuloy sa pag-aaral ang mga dayuhang mag-aaral na hindi kukuha ng pang-buong araw na kurikulum dahil sa "sagabal ng wika". Ayon sa plano, ang tutugunan ay ang mga dayuhang mag-aaral na dumating sa Japan sa loob ng 2~3 taon. Iba pang slot ito sa binago noong Abril ng taong ito ukol sa sakop na lugar ng mga paaralan sa Sistema ng Pagsusulit sa Pagpasok. Magkakaroon ng panayam (interview), pinag-iisipan din na ang mga aralin na sasakupan sa pagsusulit ang babawasan mula sa 5 aralin ng karaniwang pagsusulit. Pagkapasok sa paaralan, kasama nilang mag-aaral ang mga mag-aaral na pumasok sa karaniwang paraan ngunit batay sa aralin, maaaring maiba ang kanilang silid-aralan, pinag-iisipan din ang mga paraan upang mahusay na maisasagawa ang pagtuturo.

Marso 21, 2015 Shimotsuke Shinbun Unibersidad ng Utsunomiya, Maglalaan ng mga Slots para sa mga Dayuhang Residente

Ang International Department ng Unibersidad ng Utsunomiya ay maglalaan ng mga bagong slots para sa mga dayuhang residente. Ang binabalak na tugunan ay ang mga dayuhang mag-aaral na ang lahi ay mula South America na ang ninuno ay Hapon, at ang mga Intsik, mga Pilipino atbp, na hindi pa sapat ang kakayahan sa wikang Hapon at mahihirapang makapasok kung ang kukuning pagsusulit ay ang karaniwang binibigay ng unibersidad. Ang kapasidad ng nasabing departamento ay 100 katao. Ang mga makapasok na mga dayuhang mag-aaral na ito ay isasama sa mga mag-aaral na kukuha ng tinatawag na [lespesyal na pagsusulit sa pagpasok], kasama ang kumukuha ng pagsusulit na mga dayuhang mag-aaral na hindi residente at ang mga rekomendadong kukuha ng pagsusulit, at magtatanggap ng ilan-ilang mga tao mula sa pagsusulit upang makapasok para sa taong 2016. Ang matutugunan ay ang mga may nasyonalidad ng ibang bansa na ang pahintulot o visa upang manatili dito ay permanente o residente. Sa kasalukuyan, pinag-iisipan pa ang mga detalya ngunit bilang patakaran, ang kailangang mga kondisyon ay ang dapat lumipat sa paaralan sa Japan mula ika-4 na taon ng elementarya o mas mataas na baiting pa, ang karanasang mag-aral sa Japan ay hindi lalampas ng 9 na taon, nakapasa na sa Japanese Proficiency Test N1 (ang pinakamahirap), atbp. Tinutugunan din ang mga nakapagtapos sa mga dayuhang paaralan na katumbas ng senior high school ng Japan.

2015年5月27日神戸新聞：外国人向け特別枠検討 公立高校来年度入試

兵庫県教育委員会が来年度の公立高校入試から日本語能力が十分ではない外国人生徒向けに「特別入学枠」の導入を検討している。定員枠を設け、一般とは別の入学試験をする。来日2から3年以内の外国人生徒が対象。(後略)

2015年3月21日 宇都宮大、在日外国人枠を新設

宇都宮大国際学部が新たに在日外国人の入試枠を設ける。日本語能力が不十分で、一般入試による大学進学が難しい南米系の日系人や中国、フィリピン国籍の制度などを想定。同学部の定員は100人。(後略)

Ang Magandang Malamang mga Batas at Sistema Ang Sistema ng Edukasyon sa Japan Ang Elementarya at Junior High School

- Ang kompulsaryo o katungkulang edukasyon ay 9 na taon na binubuo ng 6 na taong elementarya at 3 taong junior high school.
- Ang mga paaralan ay nahihwalay sa 3 uri, ang pambansa, ang pampubliko (ang pinamamahalaan ng prepektura at ang pinamamahalaan ng munisipalidad) at ang pribado. Walang pagsusulit upang pumasok sa halos lahat ng pampublikong elementarya at junior high school.
- Libre ang matrikula at mga libro sa pampublikong elementarya at junior high school ngunit kailangang bayaran ang tanghalian atbp. Bilang patakaran, ang papasukang paaralan ay ang paaralan sa tinitirahang lugar.
- Ang isang taon ay nahahati sa 3 termino, ang unang termino ay Abril~Hulyo, ang ikalawa ay Setyembre~Disyembre at ang ikatlo ay Enero~Marso, mula huling parte ng Hulyo hanggang katapusan ng Agosto ay bakasyon ng tag-init, mula huling parte ng Disyembre hanggang unang parte ng Enero ay bakasyon ng taglamig at mula huling parte ng Marso hanggang unang parte ng Abril ay bakasyon ng tagsibol.
- Ang elementarya at junior high school ay kompulsaryo o katungkulang edukasyon, kaya sa mga pamilya na may bata na ang nasyunalidad ay Hapon at nasa edad na upang pumasok sa paaralan, hanggang katapusan ng Enero may darating na notipikasyong may kasamang patnubay sa pagpasok sa paaralan mula sa munisipyo ng munisipalidad na tinitirahan, sundin laman ang patnubay at gawin ang mga dapat isagawa upang paghandaan ang pagpasok sa paaralan tulad ng pagpasuri ng kalusugan atbp. Ngunit hindi ito katungkulan para sa mga dayuhan kaya maaaring hindi mapadalhan ng notipikasyon tulad ng mga Hapon. Kapag nais ipasok ang anak sa paaralan, kailangan magbigay ang mga dayuhan ng kahilingan para sa pagpasok sa paaralan. Kapag ipinasa ang kahilingan bago dumating ang bata sa edad na papasok sa paaralan, mapapadalhan ng notipikasyon sa pagpasok sa paaralan, at pumunta lamang sa munisipyo hanggang sa nakatakdang araw na ibinigay na dala ang notipikasyon sa pagpasok sa paaralan at ang Residence Card ng bata upang ilakad ang pagpasok ng bata.
- Ang pang-gabing klase ng pampublikong junior high school ay mapapasukan ng mga taong 16 na taong gulang o higit pa habang nagtatrabaho. Makakapasok ang mga taong hindi nakapagtapos ng elementarya o junior high school sa bansang ito. Halos hindi tinitignan kung ano ang natapos sa paaralan at halos walang babayaran.
- May mga espesyal na paaralan din para sa mga nahihirapang pumasok sa karaniwang paaralan dahil may karamdaman o kapansanan sa katawan.

Ang Senior High School (Koukou)

- Kapag nakapagtapos na ng junior high school, makakapasok na sa senior high school (tatawaging senior high sa susunod) o sa technological colleges. Ngunit dahil ito ay hindi na kompulsaryo o katungkulang edukasyon, kahit saan mang paaralan papasok kailangan kumuha ng pagsusulit upang makapasok. Ang senior high ay 3 taon (mahigit 3 taon ang part-time na kurso at ang correspondence na kurso), at may ilan-ilang uring mapagpipilian.
- Karaniwang senior high
- Senior high na nagtuturo ng madalubhasang kaalaman upang makapagtrabaho ng natatanging trabaho → pang-agrikulturang senior high, pang-industriyang senior high, pang-komersyong senior high, atbp.
- Technological college → ang technological college ay 5 taon para makapag-aral ng mas mataas na dalubhasang kaalaman, tinatawag ito na "kosen". Ang mga larangan ng kadalubhasaan mapapag-aralan ay industriya, mga pag-aaral na may kaugnayan sa bapor na pangkalakal, electronic/information engineering, abyasyon, atbp.
- Part-time na senior high, correspondence na senior high → pang-gabi, kapag nais pumasok sa senior high kahit nagtatrabaho, may part-time senior high na may klase sa gabi at correspondence na senior high na makapag-aral sa bahay. Makapagpatuloy ng pag-aaral kahit na ang mga may karanasan na hindi pumapasok sa klase o tumigil sa pag-aaral.

Unibersidad at Graduate School

- Kapag nakapagtapos ng senior high, may kwalipikasyon nang kumuha ng pagsusulit upang makapasok sa junior college o unibersidad. Kahit hindi nakapagtapos ng senior high, kapag pinasa ang Senior High School Graduation Certification Test, makakakuha ng kwalipikasyon para kumuha ng pagsusulit upang makapasok sa junior college o unibersidad.
- Ang junior college ay 2 taon at ang unibersidad naman ay 4 na taon. Kapag nakapagtapos sa junior college o sa technological college, may mga kasong makakalipat sa unibersidad na nasa pangatlong taon na. Pagkatapos magtapos sa unibersidad at nais pang mag-aral ng dalubhasang aralin, maaaring tumuloy sa graduate school. Sa graduate school, ang kurso para sa master ay 2 taon at ang kurso naman para sa titulo ng doctor ay 2 taon din.

How much we need for childrens education?

* Cost of elementary and junior high school / free of charge tuition, textbooks, but expenses such as school lunch fee is required.

* Cost of high school / For fiscal 2010, "high school tuition free of system", But from April 2014, it is changed for new system to some of the income limit of entrants "scholarship benefit" . Application of scholarship procedure will be attended at school.

* University education fee / Cost of the entrance examination, ¥ 18,000 at the center test, in the case of private costs ¥ 35,000. Entrance fee to national and public is 280000-400000 yen, private is 400,000 yen to 1 million yen, national and public 530 000 in the one-year tuition fees, such as private is about 750,000 or more, different by the university.

知っておきたい法律や制度

小学校・中学校


- ・小学校6年間、中学校3年間の計9年間は義務教育で、公立の学校では入学試験はありません。
- ・入学する年齢になる1月末までに役所から入学に関する案内が届き、健康診断など入学のための準備をすすめます。
- ・校区が決められていて、住んでいる場所によって決められた学校に行くのが原則です。
- ・1年間に3学期に分け、4～7月が1学期、9～12月が2学期、1～3月が3学期、7月下旬～8月末が夏休み、12月下旬～1月上旬が冬休み、3月下旬～4月上旬が春休みです。
- ・公立中学校の夜間学級は16歳以上の方が働きながら入学できます。本国で小学校や中学校を卒業することができなかった方が入学できます。学力や費用などの心配はほとんどありません。
- ・学校に通うのが難しいような病気や、体の障害がある場合には、役所で特別支援学校について相談ください。

高等学校(高校)

- ・中学校卒業後は高等学校(高校)や高等専門学校に進学できます。入学試験があります。高校は3年制(定時制、通信制は3年以上)で、種類がいくつかあります。帰国した子どもの転入試験もあります。
- ・普通高校・専門学科高校(農業高校、工業高校、商業高校など)
- ・高等専門学校(より高度な専門知識を学ぶための5年制)
- ・定時制高校、通信制高校(昼間、働いている人でも、夜間に授業がある定時制高校や自宅で学習できる通信制高校もあります。不登校や中退を経験した人でも勉強が続けられます。)

大学・大学院

- ・高校を卒業すると、短期大学(短大)、大学を受験する資格が得られます。高校を卒業していなくても、高等学校卒業程度認定試験を受験して合格すれば、短大、大学受験資格が得られます。
- ・短大は2年制、大学は4年制です。短大、および高専卒業後は、大学の3年次に編入が認められる場合もあります。また、大学卒業後、さらに大学院(修士課程2年、博士課程2年)への進学の道があります



子どもの教育費にいくらかかるのでしょうか？

小学校・中学校・・・費用は授業料・教科書代が無料ですが、給食費などの経費は必要です。

高等学校・・・2010年度はすべての高校生が受けた「高校授業料無償化制度」に対して、14年4月の入学者から所得制限のある「奨学給付金」が支給される。申請手続きは学校でします。親の年収に応じて月額9900円から24750円支給されるが、入学金や教科書代、修学旅行費、部活動費など自己負担(年間約24万円)あり。

大学・・・入試にかかる費用は、センター試験で18000円、私立の場合は35000円かかります。入学金は国公立が28万～40万円、私立が40万円～100万円、1年間授業料では国公立53万、私立が約75万以上など、大学によって違います。その他に、教科書代や学校への寄付などがあり、家から遠いところでは、寮の費用や交通費などが必要となります。

Suporta sa Edukasyon

Ang mga scholarship at iba pa

Para sa mga bata ng mga pamilyang pinansyal na nahihirapang ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral, lalo na sa pagbayad ng matrikula sa unibersidad o graduate school, may sistema na nagpapahiram ng pera. Maliban sa iba't-ibang mga organisasyon, may mga scholarship na binibigay ng mga kompanya at ng munisipalidad, maliban dito, karamihan sa mga unibersidad ay may sariling sistema ng scholarship kaya magtanong lamang sa bawat paaralan.

May mga karaniwang senior high school din na may sistema ng scholarship. Kahit alin man, may mga kondisyong kailangan matugunan tulad ng mataas ang kakayanan sa pag-aaral at gustong mag-aral, mapapatunayan na mahirap kaya kailangan ang tulong, atbp. Ang mga hinihiling na kondisyon ay naiiba sa bawat scholarship.

Maliban dito, hindi ito scholarship, ngunit kapag pumasok sa elementarya at junior high school, o kaya sa mga pamilyang may anak na tutuloy senior high school, at pinansyal na nahihirapang magbayad para sa mga gamit sa paaralan at tanghalian, may sistema upang tulungan sa gastos ng pag-aaral. May ilang mga kondisyong dapat matugunan tulad ng tumatanggap ng tulong para sa pamumuhay (welfare), atbp. Ang nilalaman ng tulong at ang halaga ay naiiba sa bawat munisipalidad kaya magtanong lamang sa munisipyo ng inyong tinitirahang lugar.

***Saan makakapagkonsulta = Sa elementarya • junior high school,
sa guro ng senior high school at sa bawat unibersidad.

Makakapagkonsulta din sa WORKMATE!***

Patnubay sa iba pang mga scholarship para sa senior high na mag-aaral.



Guidance Scholarship para sa iba pang mga mag-aaral ng mataas na paaralan

【Foreign Residents child scholarship】

- Scholarship persons: three about ● payment amount: 15,000 yen / month (benefits)
 - all conditions are met's entitlement ... Next 1-5 that can apply You can apply for.
 - 1, people that one of the people do not have Japanese nationality or guardian does not have Japanese nationality
 - 2, people who are economically distressed
 - 3, who at the time of application residing in Hyogo Prefecture
 - 4, in the enrollment scheduled for Japanese high school, people who are willing to graduate (If you have dropped out as a general rule you may get refund)
 - 5, events and learning support volunteer activities for our scholarship, people who are willing to participate in such debriefing
 - is looking for the next year worth of scholarship in March every year
- Contact: Foreign Residents children Scholarship Committee

653-0038 Kobe Nagata-ku Wakamatsu-cho 4-4-10 Asutakuesuta North Building 502 E-Mail kfc@social-b.net
NPO corporation Kobe Foreign Residents Support Center (KFC) care TEL 078-612-2402 FAX 078-612-3052

【Public Trust Catholic Society of Mary, St. Joseph Scholarship Fund】

- Scholarship persons: high school students about 55 people (There are also scholarships for elementary and junior high school students)
- payment amount: 20,000 yen / month (benefits)
- qualifications that can apply

High School of Japan, who at the elementary and junior high school enrollment to students are economically distressed

- The recruitment in May every year. Apply through the school

Contact: Sumitomo Mitsui Trust Bank, Retail trustee business part charitable trust group Catholic Maria Association
Scholarship Fund application opening Shiba, Minato-ku, Tokyo 3-33-1 TEL 03-5232-8910 (reception: weekdays 9:00 ~ 17)
FAX 03 -5232-8919

勉強したい人のための教育サポート

小学校・中学校の授業料は無料ですが、給食費や学用品、修学旅行費用などが必要です。収入が少ない家庭の子どもには、こういった支払を援助する就学援助制度があります。高校になると親の収入によって授業料の援助額が変わりますが、経済的に進学がむずかしい家庭の子どもに対し、奨学給付金制度があります。また、大学は入学時に入学金や授業料をまとめて払うので高額になりますが、学費等の給付、貸与を行う奨学金制度があります。日本学生支援機構で借りる場合は高校在学中に予約でき、企業や自治体が主催する奨学金、また多くの大学では独自の奨学金制度を設けている場合があります。

*** 相談するところ＝小学校・中学校、高校の先生や各大学。

WORKMATE でも相談できます！***

その他の高校生のための奨学金案内

『定住外国人子ども奨学金』(兵庫県)

問い合わせ: 定住外国人子ども奨学金実行委員会

〒653-0038 神戸市長田区若松町 4-4-10 アスタクエスタ北棟 502 E-Mail kfc@social-b.net

NPO 法人 神戸定住外国人支援センター(KFC) 気付 TEL 078-612-2402 FAX 078-612-3052

『公益信託 カトリック・マリア会・セント・ジョセフ奨学育英基金』

問い合わせ: 三井住友信託銀行リテール受託業務部 公益信託グループ カトリック・マリア会奨学育英基金申請口東京都港区芝 3-33-1 TEL 03-5232-8910(受付: 平日 9 時～17 時) FAX 03-5232-8919

WORKMATE PROGRAMS 【2015】

● Masayang Tahanan
Children and mothers gathering

● Tagalog Class for Beginner
Every Tuesday 14:30-16:30

● Japanese Class for JLPT

● Tagalog Translation

● Philippines Tour Coordination

● Coordination of Seminar

Job Seminar in Nishinomiya on 6 Sep

Job Seminar in Kobe on 27 Sep.

Public Service Seminar will be on Nov.


Nagko-coordinate din po kami ng
Japan Tour para sa mga Pilipinong
nagnanais mamasyal sa mga lugar
sa buong Japan.

Kung mayroon pong mga katanungan
tungkol sa aming mga activities at
services, huwag pong mag-atubili,
kumontak po lamang sa telephone, fax,
or e-mail.

WORKMATE

TEL/FAX 078-779-157

E-MAIL workmate.office@gmail.com



Ano ang Aking Numero o sariling Numero?

“ My Number ” (Individual Number System)

■ Mula Oktubre 2015, padadalhal kayo ng munisipyo na kayo ay nakarehistro ng [Notification Card] na nakasulat ang inyong “my number” (12 digit na numero). Ang mga dayuhang nakarehistro bilang dayuhang mamamayan ay papadalan din ng notipikasyon para sa sariling 12 digit na numerong ito (my number). Iba ito sa dati pang Juki kard, bagong sistema ito. Sa “notification card” nakasulat ang inyong pangalan, tirahan, kaarwan, kasarian (ang 4 na batayang impormasyon) at ang inyong “my number”.

■ Mula Enero ng taong 2016, ang “my number” ay kailangan na.

Mula Enero ng susunod na taon, ang “my number” ay gagamitin sa inyong social insurance at sa lahat ng may kaugnayan sa buwis. Kakailangin ito sa mga tanggapan ng bansa at sa munisipyo, sa pinapasukan, sa mga banko, sa pensyon, sa medical insurance, atbp.

■ Mula Enero ng susunod na taon, makakapagpagawa na ng “my number card” (kard ng sariling numero) na may sariling larawan sa munisipyo na kayo ay nakarehistro. Ang kard ng sariling numero na ito ay magagamit din bilang ID card para mapatunayan ang inyong pagkatao.

Kailangan pa rin lagging dalhin ng mga dayuhan ang kanilang “Residence Card”.

Call center para sa “My Number” 0570-20-0178

Para sa wikang dayuhan, tumawag sa 0570-20-0291

マイナンバーって？

■ 2015年10月以降、住民票がある市区町村役場からマイナンバー(12桁)が書かれた「通知カード」が送られます。12桁のあなたの番号(マイナンバー)は住民票のある外国人にも通知されます。これは前にあった住基カードではなく、新しい制度です。通知カードは、氏名、住所、生年月日、性別(基本4情報)、マイナンバーが書かれています。

■ 2016年年1月からマイナンバーが必要になります。

来年の1月からこのマイナンバーがあなたの社会保障や税金関係で使われ、国や区役所、勤務先、金融機関、年金・医療保険などで必要になってきます。

■ 来年の1月から自分の写真を入れたマイナンバーカード(個人番号カード)を住民票のある区役所で作ることができます。この個人番号カードは、本人確認のための身分証明書としても利用できます。

外国人の場合は、「外国人在留カード」をいつも持っていないてはなりません。

マイナンバーコールセンター 0570-20-0178

外国語は 0570-20-0291 におかけください。



Ating subukan ang lutong Japan!!! [Hiyashi Chuka]

[How to cook]

You can purchase Hiyashi Chuka at supermarket.
Boil Noodles. And make it cooler with icy water
after it finished. Bake thin EGG.
Cut cucumber, Ham, and baked egg into stripes.



(You can added Japanese Mushroom, Tomatoes, Moyashi, red ginger etc.)
Put noodle sauce.

VISITOR

Ms. Gina Yap visited Workmate

ワークメイト訪問者

Ms. Gina Yap, Bisita ng Workmate

Bumisita sa Workmate si Ms. Gina na nakatira sa Pilipinas noong Hunyo. Si Ms. Gina ay ang director ng Batis Center sa Lungsod ng Quezon sa Pilipinas. Matagal na siyang kaibigan ni Gng. Moriki ng Workmate, 10 taong na ang nakalipas nang magkasama silang dumalo sa World Conference on Women sa Beijing. Hanggang ngayon kami ay tuluyan pa ring nakikipag-ugnayan, pinag-uusapan naming ang tungkol sa mga taong lumilipat patungong Pilipinas at Japan at sa mga bata (JFC), at nagpapalitan kami ng mga kuro-kuro.



Ang Batis Center for Women

Ang Batis Center for women, na binuo noong taong 1988, ay isang non-profit na organisasyon na tumutulong sa mga Pilipinang nanirahan dito sa Japan – mga biktima ng trafficking at illegal na pag-recruit, mga biktima ng mapanganib at mapagsamantalang mga kondisyon ng trabaho sa banyagang bansa, mga biktima ng karahasan sa tahanan, mga dayuhang asawang babae na iniwan ng asawa at pinauwi sa sariling bansa kasama ang kanilang halong-lahing mga anak, at mga lumikas at minaltratong dayuhang manggagawa. Tinutulongan naming silang gumaling sa pamamagitan ng pakipagsamahan sa katulad nila, pagpamahala ng kanilang kaso at pagbibigay ng mga suportang serbisyo tulad ng tulong sa airport, pamamagitan sa pamilya, pagpapayo, pagbigay ng pansamantalang tirahan at pagpapakilala kung saan makakakuha ng kailangan nilang mga legal at medikal na serbisyo. Kami ay kumikilos para mabigyan ang bumalik na mga babaeng ito ng lakas at makapahubilo muli sa lipunan, sa pamamagitan ng edukasyon at pagsasanay, pagunlad sa negosyo, scholarship at tulong sa edukasyon, at pagsasaayos ng kanilang buhay.

フィリピン在住のジーナさんが6月、ワークメイトを訪問してくれました。ジーナさんはフィリピン、ケソンシティにある Batis Center 代表です。ワークメイトのもりきとは古いお友だちで、20年前に北京世界女性会議と一緒にきました。今でも私たちは交流が続き、フィリピンと日本で起きている移住者や子どもたち(JFC)のことを話しあい、意見交換しています。パティスセンターは、フィリピンから海外に移住した女性たちの帰国後の支援をしている NGO です。人身売買被害者の支援、日本人男性とフィリピン人女性の子ども(JFC)のグループ活動もしています。

G. Hisao Tsujimoto Interview

辻本久夫さん インタビュー



Kinatawan ng International Square 芦屋こくさい広場日本語教室代表
ng Ashiya sa Pag-aaral ng Wikang Hapon

Mula noong mga taong 2000, dumami ang mga taga Brazil at Peru sa lugar ng Ashiya-hama, at nalaman na may mga batang nais mag-aral ng wikang Hapon, kaya inumpisan noong taong 2006 ang mga klase na nagtuturo ng wikang Hapon. Nagkaroon ng klase tuwing Linggo mula alas 10 hanggang alas 12 sa Paaralang Elementarya ng Shiomu at nagkaroon din ng klase sa gabi ng 2 beses sa isang linggo para naman sa mga mag-aaral sa junior high school at senior high school. Mga 28 katao ang sumapi, 9 na Pilipino, 4 na taga-Peru at dala-dalawang mga tao mula Brazil, Nepal, Australia, Pakistan, Indonesia, atbp. Nasiyahan din ang mga dayuhang magulang na makipag-ugnayan sa ibang dayuhang magulang. Sa kasalukuyan, maraming mga Pilipino ang lumilipat sa Ashiya-hama, dumami ang mga pamilya, at inumpisahan din ang klase sa sariling wika para sa mga Pilipinong bata. Mga 3 beses sa isang taong, nagkakaroon ng salu-salo, at nag-iiskursyon. Noong inumpisahan ang mga klase, ako ay guro sa senior high school ngunit ako ay nagretiro na at ito na ang sentro ng aking mga aktibidad. Ang pag-laki ng mga bata ay ang nagiging inspirasyon ko sa aking buhay.

2000年頃より芦屋浜地区にブラジル人やペルー人がふえ、辻本さんは生活や子どもの教育で相談され、日本語の勉強をしたい親子たちがいることがわかり、2006年から日本語教室を始めました。芦屋の潮見小学校で、毎日曜日10時~12時と中学・高校生は週2回夜の教室をやっています。フィリピン人が9人、ペルー人4人、ブラジル、ネパール、オーストラリア、パキスタン、インドネシアなどの人たちがそれぞれ2人など、全部で28人くらいが来ています。外国人の親たちは他の国籍の親との交流も楽しんでます。今は、芦屋浜にたくさんフィリピン人が引っ越しして来て、家族が増え、フィリピン人の子どものための母語教室も始めました。年に3回くらいパーティをしたり、遠足に行ったりします。教室を始めたころ、私は高校の先生をしていましたが、今は定年退職して、この活動が中心です。子どもたちの成長が今の自分の生きがいになっています。

Factory Job Available!!!

Nippon Pure Food Inc., Nishinomiya Plant



[Job Details]

Assistance on manufacture of Meat processing.

You can earn money by stating a job without previous experiences.

Working contents like cutting a meat by knives, putting a meat on machines, measuring weight, putting them into the bags.

We are working on a team, so you can ask your team member if you don't know something.

Beginners are also welcome to start working together!

[TIME]

Day-time (Basically) 8:30 ~ 17:30 (1 hour rest) ¥820~/hour

Night-time (Basically) 17:30 ~ 2:30 (1hour rest) ¥900~/hour

Off DAYS are based on a company calendar
(Basically Saturdays and Sundays are off)

[Benefits]

Transportation Allowance, Social Insurance, Uniform, Small Bonus (twice a year), a holiday with pay, raise in salary, night time allowance.

You may buy delicious meat, ham, etc. with an employee's price.

Discount on company cafeteria



[ACCESS]

Hankyu Nishinomiya-kitaguchi, JR Nishinomiya, Hanshin Koushien Bus(only for day-time worker)



[PLACE and CONTACT]

Nippon Pure Food Inc., Nishinomiya Plant
1-3-25 Naruohama, Nishinomiya city

TEL: 0798-81-1181

We are Nippon Ham Group.

Please feel free to contact us.

Mr. Natori (Japanese speaker only)

※If you wish to contact in English please send an e-mail to WORKMATE (workmate.office@gmail.com).